Mabini Review
Volume XVI, No. 2, 2026

Polytechnic University of the Philippines



Submit to this journal
Other related articles
Announcements
Other PUP Journals

Other citation formats:
APA MLA

Critical Retrospect on my Pursuit of Filipino Critical Philosophy

Balik-Kilatis sa aking Pagsusulong ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

F. P. A. Demeterio III
Filipino Department, De La Salle University, Manila
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/6c4xm985

Copyeditor: GERLIE C. OGATIS

Article History:

Received: January 9, 2026
Accepted: May 26, 2026
Revised: June 1, 2026

How to Cite this paper:

Demeterio III, Feorillo Petronillo A. "Balik-Kilatis sa aking Pagsusulong ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino." *Mabini Review* 16, no. 2 (2026): 1–30. https://doi.org/10.70922/6c4xm985.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

Critical Retrospect on my Pursuit of Filipino Critical Philosophy

Balik-Kilatis sa aking Pagsusulong ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

F. P. A. Demeterio III
Filipino Department, De La Salle University, Manila
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

Abstrak

Tinutugunan ng papel na ito ang kakulangan ng sistematikong self-reflexive na pagsusuri sa loob ng pilosopiyang Pilipino (PP), partikular hinggil sa pag-usbong, konsolidasyon, at potensiyal na pagma-mainstream ng kritikal na pilosopiyang Pilipino (KPP). Sa halip na maglatag ng pangkalahatang kasaysayan ng KPP, inilulugar ng pag-aaral ang sariling intelektuwal na landas ng may-akda bilang isang kongkretong kaso ng aktuwal na pagsasagawa ng kritikal na pamimilosopiya sa Pilipinas. Ginamit ang balik-kilatis bilang pangunahing metodolohikal na balangkas, isang self-reflexive, kritikal, at normatibong lapit na humihimay at humahatol sa sariling intelektuwal na praktika. Sinuri ang personal na karanasan, mga naisulat na akda, at dokumentasyon sa pamamagitan ng historikal na rekonstruksyon, tipolohikal na pagsusuri, at metapilosopikal na pagkikilatis. Natukoy ang apat na tipolohiya ng KPP: metapilosopikal, pampolisiya, ideolohikal, at historikal, na may malinaw na pagkakaiba batay sa paksa at tunguhin, bagama't may malawak na overlap sa metodo at teorya. Ipinakita rin ang organikong ugnayan ng KPP sa araling Pilipino (AP), pati ang papel ng pananaliksik, pagmementor, at research governance sa pagpapalakas ng KPP. Iginigiit ng papel na ang pag-unlad at pagpapamainstream ng KPP ay nangangailangan ng sinadyang estratehiya sa pokus ng paksa, metodolohikal at teoretikal na inobasyon, at integrasyon ng pananaliksik at institusyonal na praktika. Sa ganitong diwa, ang balik-kilatis ay inihahain bilang lehitimong ambag sa kolektibong pagpapatatag ng KPP bilang isang buhay at naipapamanang tradisyon.

Mga Keyword: *Kritikal na Pilosopiyang Pilipino, Balik-Kilatis, Metapilosopiya, Araling Pilipino, Self-Reflexive na Pananaliksik*

MABINI REVIEW | Volume XVI, No. 2 (2026): pages 1-30
© 2026 Demeterio, F. P. A. III | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

Abstract

This paper addresses the lack of systematic, self-reflexive analysis within Filipino philosophy, particularly regarding the emergence, consolidation, and potential mainstreaming of critical Filipino philosophy. Rather than presenting a general history of critical Filipino philosophy, the study situates the author's own intellectual trajectory as a concrete case of the actual practice of critical philosophizing in the Philippines. Balik-kilatis (critical retrospect) is employed as the primary methodological framework, a self-reflexive, critical, and normative approach that analyzes and evaluates one's own intellectual practice. Personal experiences, published works, and documentation are examined through historical reconstruction, typological analysis, and metapilosophical critique. The study identifies four typologies of critical Filipino philosophy, metaphilosophical, policy-oriented, ideological, and historical, each clearly differentiated in terms of subject matter and aims, though sharing substantial overlap in method and theory. It also demonstrates the organic relationship between critical Filipino philosophy and Philippine studies, as well as the role of research, mentoring, and research governance in strengthening critical Filipino philosophy. The paper argues that the development and mainstreaming of critical Filipino philosophy require deliberate strategies in thematic focus, methodological and theoretical innovation, and the integration of research with institutional practice. In this sense, balik-kilatis is advanced as a legitimate contribution to the collective consolidation of critical Filipino philosophy as a living and transmissible tradition.

Keywords: *Critical Filipino Philosophy, Balik-Kilatis, Metaphilosophy, Philippine Studies, Self-Reflexive Research*

INTRODUKSYON

Sa nakalipas na mga dekada, ang pilosopiyang Pilipino (PP) ay dumaan sa iba't ibang yugto ng pag-inog, mula sa mga proyektong pang-identidad at kultural hanggang sa mas interdisiplinaryong pakikisangkot sa humanidades, kasaysayan, agham panlipunan, at araling Pilipino (AP). Sa kabila nito, nananatiling bukas at hindi pa malinaw ang puwang ng kritikal na pamimilosopiya sa loob ng nasabing larangan: kung paano ito umusbong, isinagawa, at higit pang napaunlad bilang isang natatangi at produktibong landas ng pamimilosopiya.

Sa ganitong konteksto, isinusulong ng pananaliksik na ito ang balik-kilatis bilang isang lehitimong anyo ng pilosopikal na gawain. Sa halip na ituring ang sariling intelektuwal na landas bilang purong personal na salaysay, tinatrato ito ng pag-aaral bilang isang diskursibo at teoretikal na kaso ng aktuwal na pagsasagawa ng kritikal na pamimilosopiya sa Pilipinas. Ang ganitong lapit ay nagbibigay-daan upang masipat ang ugnayan ng personal na paglalakbay, institusyonal na konteksto, at teoretikal na pagpili sa paghubog ng isang pilosopikal na proyekto.

Tinutugunan ng pananaliksik na ito ang pangunahing suliranin na: paano masisistema, makikilatis, at lalo pang mapaunlad ang aking pagtahak sa landas ng KPP? Ang pangunahing suliraning ito ay mas pinatalas ng mga kasunod na tiyak na suliranin: (1) paano ako napunta sa landas ng KPP?; (2) may kaugnayan ba ang aking pananaliksik sa AP sa aking pagsusulong sa KPP?; (3) may kaugnayan ba ang aking pagiging research administrator sa aking pagsusulong sa KPP?; (4) ano-ano ang tipolohiya ng aking kritikal na pamimilosopiya?; (5) ano-ano ang mga katangian ng mga tipolohiyang ito sa mga aspekto ng paksa, metodo, teorya, at tunguhin?; (6) paano ko lalo pang pinuhin ang aking pagpili ng mga paksa, paigtingin ang aking mga metodo at teoryang ginagamit, at patalasin ang aking mga tunguhin upang makapag-ambag sa pagiging mainstream ng KPP?; at (7) paano ko dapat iaangkop ang aking pananaliksik at pagmementor sa AP, at ang aking pagiging research administrator, sa isang mas pinaigting na KPP?

Ang pananaliksik na ito ay mahalaga sa antas ng personal-intelektuwal, disiplina, at akademikong pamayanan sapagkat tinutugunan nito ang kakulangan ng sistematikong self-reflexive na pagsusuri sa loob ng PP, partikular hinggil sa pag-usbong, konsolidasyon, at potensiyal ng pagiging mainstream ng KPP. Sa pamamagitan ng balik-kilatis, inilulugar ng pag-aaral ang sariling intelektuwal na landas hindi bilang personal na salaysay kundi bilang isang diskursibo at teoretikal na kaso ng aktuwal na pagsasagawa ng kritikal na pamimilosopiya sa lokal na konteksto.

Sa personal at intelektuwal na antas, nagsisilbi ang pag-aaral bilang masusing balik-kilatis sa aking pagtahak sa kritikal na pamimilosopiya. Sa pagsisistema ng aking intelektuwal na pinagmulan, impluwensiya, at transisyon—mula sa pagtuturo ng pilosopiya, tungo sa AP, at hanggang sa aking papel bilang research administrator—nililinaw ng pag-aaral ang lohika at pagkakaugnay ng aking kritikal na proyekto. Mahalaga ito bilang metodolohikal na paglalantad ng kongkretong praktika ng kritikal na pamimilosopiya, at hindi lamang bilang personal na intelektuwal na rekoleksiyon.

Sa antas ng disiplina ng PP, nag-aambag ang pananaliksik sa paglilinaw ng mga umiiral ngunit madalas hindi lantad na anyo ng kritikal na pamimilosopiya. Sa pamamagitan ng tipolohisasyon ng aking mga akda at praktika—historikal, metapilosopikal, pampolisiya, at ideolohikal—ipinapakita na ang kritikal na pamimilosopiya sa Pilipinas ay may sariling internal na lohika, metodo, at teoretikal na ambisyon.

Sa ugnayan ng pilosopiya at AP, ipinapakita ng pag-aaral kung paano maaaring magsilbing lunsaran ang interdisiplinaryong pananaliksik, pagmementor, at research governance para sa mas sistematikong teoretikal at normatibong kritika ng lipunang Pilipino at, sa gayon, ay makapag-ambag sa pagpapalakas at pagpapamainstream ng KPP.

Upang maging mas malinaw ang daloy ng pagtalakay, ang papel ay sumusunod sa tatlong magkakaugnay na hakbang. Una, inilalatag nito ang balik-kilatis bilang metodong self-reflexive ngunit kritikal. Ikalawa, ginagamit nito ang metodong ito upang sistematikong suriin ang aking intelektuwal na landas, mga akda, at institusyonal na praktika. Ikatlo, mula sa pagsusuring ito, nagmumungkahi ito ng mga estratehiya para sa pagpapalakas at pagpapamainstream ng KPP.

METODOLOHIYA

Ginagamit ng pananaliksik na ito ang balik-kilatis bilang pangunahing metodolohikal na balangkas. Ang balik-kilatis ay naiiba sa karaniwang balik-tanaw o balik-suri. Ang balik-tanaw ay deskriptibo at nakatuon sa paggunita o rekonstruksiyon ng nakaraan, samantalang ang balik-suri ay karaniwang tumitigil sa rebyu at muling pagtingin sa mga naunang ideya o yugto. Subalit, ang balik-kilatis ay tahasang kritikal at normatibo. Ang balik-kilatis ay masinsing paghihimay, pagtitimbang, at paghatol sa sariling intelektuwal na praktika na may layuning tukuyin hindi lamang kung ano ang naganap kundi kung alin ang teoretikal na produktibo, alin ang may hangganan, at alin ang kailangang baguhin o paigtingin.

Sa mas payak na paliwanag, ang balik-kilatis ay hindi lamang pag-alala sa sariling intelektuwal na nakaraan. Isa itong paraan ng pagsusuri kung paano nabuo ang isang proyekto ng pag-iisip, ano ang naging lakas at limitasyon nito, at paano pa ito maaaring paunlarin bilang ambag sa isang disiplina.

Nakaangkla ang metodolohiyang ito sa isang self-reflexive na lapit, kung saan ang mananaliksik ay sabay na paksa at analista ng pag-aaral. Ang sariling karanasan ay hindi itinuturing bilang awtoridad na lampas sa kritika kundi bilang materyal na kailangang ilugar sa mas malawak na diskursibo,

institusyonal, at teoretikal na konteksto. Sa ganitong paraan, ang personal na intelektuwal na landas ay nagiging lehitimong lunsaran ng pilosopikal na pagsusuri at paglikha.

Ang balik-kilatis na ito ay tutuon sa tatlong uri ng teksto: (1) aking mga personal na alaala bilang guro, mananaliksik, at mentor sa larangan ng pilosopiya at AP, at bilang research administrator; (2) mga naisulat nang sanaysay, panayam, at kritikal na pagtaya ng iba hinggil sa aking mga akda at proyekto[1]; at (3) aking sariling mga naisulat na sanaysay sa PP, KPP, at AP. Ang mga ito ay itinuturing bilang magkakaugnay na diskursibong materyal na sinusuri sa pamamagitan ng kritikal na pagbasa at teoretikal na rekonstruksyon.

Upang maging mas sistematiko ang pagpili ng materyal, isinama lamang sa pagsusuri ang mga akdang may malinaw na kaugnayan sa PP, KPP, AP, institusyonal na pananaliksik, o kritikal na pagsusuri sa lipunang Pilipino. Hindi isinama ang mga akdang teknikal o administratibo na walang tuwirang ambag sa paglinang ng KPP. Sa ganitong paraan, ang korpus ay naging piniling hanay ng mga tekstong may substantibong kaugnayan sa pangunahing suliranin ng pag-aaral.

Analitikal ang lapit ng pag-aaral at isinasagawa sa tatlong antas: (1) historikal na rekonstruksyon ng aking intelektuwal na landas upang matukoy ang mga impluwensiya, transisyon, at kondisyong institusyonal; (2) tipolohikal na pagsusuri ng aking mga akda at praktika batay sa paksa, metodo, teorya, at tunguhin; at (3) metapilosopikal na pagkikilatis sa mga lakas, limitasyon, at potensiyal ng aking mga kritikal na balangkas sa kontekstong Pilipino.

---

1 Rodrigo D. Abenes and Jerwin M. Mahaguay, "F. P. A. Demeterio III: Simula sa Pagbubuo Hanggang sa Pakikibahagi," *Lukad: An Online Journal of Pedagogy* 1, no. 1 (June 2021): 85–114; Mary Irene Clare O. Deleña and Raymond John D. Vergara, "Postmodernism from the Perspectives of Filipino Philosophers: Abulad, Co, Demeterio, and Pavo," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 1 (June 2018): 140–161; Mary Irene Clare O. Deleña, Joshua Mariz B. Felicilda, and Leslie Anne L. Liwanag, "Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 1 (June 2018): 98–139; Ben Carlo N. Atim, "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Pilipino: Isang Pagsusuri," Kritike 11, no. 2 (December 2017): 28–53; Jonathan Geronimo, "Ang Karaniwang Filipino bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal: Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III," *Hasaan* 3, no. 1 (2016); Emmanuel Batoon, "Tracing Mercado's Anthropological Perspective (Second of Two Parts)," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 8, no. 2 (2014); Roland Theuas Pada, "The Methodological Problems of Filipino Philosophy," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 8, no. 1 (2014); Rhoderick John Abellanosa, "Local Discourse, Identity, and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Ileto," *Asian Perspectives in the Arts and Humanities* 3, no. 1 (2013); Franz Cortez, "The Philippine Engagement with Paulo Freire," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 7, no. 2 (2013); & Preciosa Regina De Joya, *In Search of Filipino Philosophy* (PhD diss., National University of Singapore, 2013).

Ang mga analitikal na kategoryang ginamit—paksa, metodo, teorya, at tunguhin—ay hinalaw mula sa paulit-ulit na pagbasa sa mga tekstong kasama sa korpus. Ang "paksa" ay tumutukoy sa pangunahing bagay na sinusuri; ang "metodo" sa paraan ng pagsusuri; ang "teorya" sa konseptuwal na lente; at ang "tunguhin" sa normatibo, kritikal, pedagogikal, o institusyonal na layunin ng akda. Sa pamamagitan nito, naging posible ang sistematikong paghahambing ng mga akda at pagbuo ng mga tipolohiya ng KPP.

Ang pagbuo ng tipolohiya ay isinagawa sa apat na hakbang. Una, tinukoy ang mga akdang may tuwirang kaugnayan sa KPP. Ikalawa, binasa ang bawat akda batay sa paksa, metodo, teorya, at tunguhin. Ikatlo, pinaggrupo ang mga akdang may magkakatulad na paksa at layunin. Ikaapat, muling sinuri ang mga grupo upang matiyak na ang pagkakaiba ng bawat tipolohiya ay nakabatay sa mas malalim na lohika ng pagsusuri. Mula rito, lumitaw ang apat na tipolohiya: metapilosopikal, pampolisiya, ideolohikal, at historikal na KPP.

Upang mapatibay ang bisa ng mga kategorya at tipolohiya, ginamit ang tatlong anyo ng pagsusuri: internal checking, comparative checking, at contextual checking. Sa internal checking, binalikan ang mga akda upang tiyakin ang katumpakan ng pag-uuri. Sa comparative checking, inihambing ang mga akda sa loob at pagitan ng mga grupo. Sa contextual checking, inilugar ang mga natuklasan sa mas malawak na diskurso ng PP at KPP, pati sa mga kritikal na pagtaya ng ibang iskolar. Hindi nito inaangkin ang ganap na obhetibidad, ngunit nagbibigay ito ng masusundan at mapanuring batayan para sa self-reflexive na pagsusuri.

Dahil self-reflexive ang pag-aaral, kinikilala rin ang limitasyon ng metodolohiya. May pribilehiyo ang mananaliksik na direktang maunawaan ang sariling intensiyon at konteksto, ngunit may panganib din ng selektibong pagbasa at sobrang pagdidiin sa sariling ambag. Upang mabawasan ito, hindi lamang personal na alaala ang ginamit, kundi pati nailathalang akda, dokumentadong panayam, kritikal na pagtaya ng ibang iskolar, at sistematikong pag-uuri ng mga teksto.

MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang Pinagmulan ng aking Pagtahak sa Landas ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

Produkto ako ng Eskolastikong programa ng pilosopiya sa sentro ng Tomismo sa bansa, ang University of Santo Tomas (UST). Sa aking undergraduate na pagsasanay, napahapyawan lamang ang PP sa mga kwentuhan at symposium. Ang mas seryoso at sistematikong pakisalamuha ko rito ay naganap sa isang

kursong masterado tungkol sa Sikolohiyang Pilipino, kung saan inatasan akong mag-ulat sa *Elements of Filipino Philosophy* ni Leonardo Mercado. Ang librong ito ay isang identity-discourse. Maging ang aking disertasyon sa University of the Philippines Diliman (UPD) ay nanatiling nakapaloob sa ganitong diskurso.

Nababad lamang ako sa mga babasahing postkolonyalismo, postmodernismo, at kritikal na araling kultural sa Department of Comparative Literature ng UPD bilang doktoradong mag-aaral. Nang magsimula akong magturo ng pilosopiya sa San Beda College (SBC, San Beda University na ngayon), naging malinaw ang pangangailangang buuin ang identidad ng aming departamento, hiwalay sa matatag nang pilosopikal na identidad ng UST, Ateneo de Manila University (AdMU), UPD, at De La Salle University (DLSU). Sa kontekstong ito, sinadya at kolektibo naming piniling yakapin ang kritikal na pamimilosopiya bilang pandepartamentong paninindigan.

Sa aking pananaliksik sa mga akda ni Fernando Nakpil-Zialcita, natuklasan kong may umiiral nang, bagama't mahina at hindi lantad, agos ng kritikal na pamimilosopiya sa loob ng PP.[2] Ang pagtatagpo ng aking pagsasanay sa kritikal na araling kultural sa UPD, pagposisyon ng aming departamento sa SBC bilang sentro ng kritikal na pamimilosopiya, at historikal na agos ng kritikal na PP ang naglagay sa akin sa landas ng KPP. Sa pagtahak ko rito, parang nakamtan ko rin ang Hapones na estado ng ikigai, kung saan nagtutugma ang gawaing magaling ako, gusto ko, kailangan ng lipunan, at nagbibigay ng hanapbuhay.

Mahalaga ring idiin na, para sa akin, ang kritikal na pamimilosopiya ay hindi maaaring mahiwalay sa praxis. Ang aking adbokasiya ay hindi nakakulong sa silid-aralan o publikasyon. Aktibo kong iniugnay ang pilosopikal na kritika sa kongkretong pakikibakang panlipunan, partikular sa organisasyong paggawa at unyonismo ng mga guro sa SBC.

Kaugnayan ng Aking Pananaliksik sa Araling Pilipino sa Aking Pagsusulong sa Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

Bago pa man marahas na isinara ng mga Benediktinong pari ang aming Departamento ng Pilosopiya sa SBC, may paanyaya na sa akin sina Dr. Rhoderick Nuncio at Dr. Antonio Contreras na lumipat sa DLSU, hindi bilang tagapagsulong ng KPP kundi bilang interdisiplinaryong guro at mananaliksik sa AP. Kaya agad akong nakalipat sa DLSU nang tuluyang maisara ang departamento sa SBC. Sa DLSU, napabilang ako sa Departamento ng Filipino, kung saan higit na tumuon ang aking pananaliksik sa AP, kadalasan gamit ang wikang Filipino.

2 Fernando Nakpil-Zialcita, "Mga Anyo ng Pilosopiyang Pilipino," Trans. Nicanor Tiongson, in Virgilio Enriquez, *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika at Pilosopiyang Pilipino* (Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983) p. 318.

Ang propesyunal na pagbabagong ito, gayunman, ay hindi humantong sa pagtalikod ko sa KPP. Sa aking pananaw, malakas ang ugnayan ng KPP at AP. Una, ang KPP ay nakapaloob sa PP, at ang PP naman sa mas malawak na larangan ng AP. Sa ganitong sitwasyon, ang pagsusulong ko sa KPP ay sabay na pagsusulong ng PP at AP.

Ikalawa, ang aking mga pananaliksik sa AP ang nagsilbing mahalagang pinagkukunan ng mga materyal at premise na nagpayaman sa aking teoretikal na pagsisiyasat sa KPP. Sa diwang ito, ang AP ang nagbigay ng kongkretong nilalaman at panlipunang kabuluhan upang manatiling historikal, panlipunan, at makabayan ang KPP. Kitang-kita ko kung paano maaaring lumipad sa ere ang PP kung hindi ito iaangkla sa sariling realidad.

Ikatlo, ang aking pananaliksik sa KPP ang nagsilbing teoretikal na balangkas at metodolohikal na batayan ng aking mga pag-aaral sa AP. Sa halip na manatili sa deskriptibo o apirmatibong pagtalakay sa kulturang Pilipino, ginamit ko ang KPP upang sistematikong ilantad ang ugnayang kapangyarihan, operasyong ideolohikal, at kondisyon ng dominasyon at resistensiya sa mga tekstong kultural, institusyonal, at diskursong karaniwang sinasaklaw ng AP.

Ikaapat, ang patuloy kong paggamit ng wikang Filipino sa aking mga pananaliksik sa AP ay nag-ambag sa pagsusulong sa Filipino bilang mas angkop na wika ng KPP. Hindi lamang ito usapin ng aksesibilidad o nasyonalismo kundi malinaw na epistemolohikal na paninindigan. Ang kritikal na pag-iisip hinggil sa lipunang Pilipino ay higit na mabisa kapag isinasagawa sa wikang hinubog ng mismong lipunang sinusuri.

Sa mga pagkakataong ang mga pananaliksik ko sa AP ay wala talagang kinalaman sa pagsusulong sa KPP, wala na akong magagawang paliwanag dahil sadyang mas malawak ang parametro ng AP kaysa KPP.

Kaugnayan ng Aking Pagiging Research Administrator sa Aking Pagsusulong sa Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

Bagama't burukratikong gampanin ang research administration, naranasan ko rito ang malinaw na kaugnayan nito sa KPP. Una, nakita ko na ang produksiyon ng kaalaman ay nangangailangan hindi lamang ng matatag na institusyunal na imprastraktura—isang bagay na binigyang-diin ni Emerita Quito—kundi ng gumaganang ekosistema ng pananaliksik.[3] Matatag ang imprastraktura ng pananaliksik sa DLSU, ngunit hindi ito sapat upang gawing

3 Emerita Quito, *The State of Philosophy in the Philippines* (Manila: De La Salle University Press, 1983) p. 10.

mainstream ang PP at KPP. Lampas sa kakayahan ng alinmang pamantasan, o kahit pangkat ng pamantasan, ang pagpapalakas sa PP at KPP. Mas kailangan nito ang network ng mga mananaliksik, mag-aaral, at journal na may malasakit hindi lamang sa PP at KPP kundi lalo na sa bayan.

Pangalawa, napagtanto kong ang network o ekosistemang ito ay kailangang sama-samang itatag at palakasin sa pamamagitan ng masinsinang pagme-mentor sa susunod na henerasyon ng mananaliksik, pagserbisyo bilang editor o kasapi ng editorial board, maagap na pagre-review ng manuskrito, at aktibong pakikibahagi sa mga kumperensya. Kailangang dumami pa ang mga mananaliksik, guro, at mag-aaral na mulat sa kahalagahan ng PP at KPP.

Pangatlo, nakita ko ring ang kahinaan ng PP ay repleksiyon ng mas malawak na kahinaan ng imprastraktura at kultura ng pananaliksik sa bansa. Dahil dito, hindi lamang PP ang nananatiling mahina; sa pangkalahatan, mahina ang produksiyon ng kaalaman sa bansa, isang kalagayang nakaugat sa kawalan ng mga tunay na research university.

Pang-apat, napansin ko ring ang mga pamantasang may relatibong lakas sa pananaliksik ay nahuhubog ng mga polisiya ng global university ranking organizations at yumayakap sa tinatawag ni Dr. David Michael San Juan na Scopus-sentrismo.[4] Dahil kakaunti lamang ang journal sa bansa na nasa Scopus, napipilitan ang mga Pilipinong mananaliksik na makilahok sa diskurso ng mga internasyonal na Scopus journal. Ang problema rito, madalas na napapabayaan ang sariling suliranin at agenda sapagkat nadidiktahan na sila ng prayoridad ng mga internasyonal na journal. Dagdag pa, halos walang puwang sa Scopus journal ang mga artikulong nakasulat sa Filipino.

Panglima, sa pag-iikot ko sa iba't ibang college research council ng DLSU, malinaw kong nakita ang sari-saring metodo at teoryang maaaring gamitin para lalong payamanin ang KPP, PP, at AP.

Mataposilahadangpinagmulan,aralingPilipino,atresearchadministration bilang mahahalagang konteksto ng aking pagtahak sa KPP, susunod namang susuriin ang mismong laman ng aking kritikal na pamimilosopiya. Gagawin ito sa pamamagitan ng tipolohiya, sapagkat ang pag-uuri sa mga akda ayon sa paksa, metodo, teorya, at tunguhin ay makatutulong upang makita kung anong uri ng kritikal na proyekto ang aking naisagawa.

4 David Michael San Juan, "*Bakit Dapat Manaliksik sa Filipino ang mga Pilipino?: Kritik sa Scopus-sentrismo ng mga Unibersidad at Ahensiyang Pang-edukasyon at/o Pampananaliksik sa Pilipinas*," *Malay* 34, no. 1 (December 2021): 47–64.

Ang Tipolohiya ng aking Kritikal na Pamimilosopiya

Sa sub-section na ito, tutugunan ko ang pang-apat at panglimang tiyak na suliranin. Para sa pang-apat na tiyak na suliranin, binalikan ko ang lahat ng aking mga artikulo na malinaw na napapabilang sa aking pagsusulong ng KPP at dinalumat ko ang kanilang mga tipolohiya. Sa aking humigit-kumulang 140 na artikulo, 31 ang malinaw na nagsusulong ng KPP. Ibig sabihin, nasa humigit-kumulang 22% ng aking mga artikulo ay nagsusulong ng KPP. Mula sa 31 artikulong ito, nadalumat ko ang apat na tipolohiya: (1) metapilosopikal na KPP, (2) pampolisiyang KPP, (3) ideolohikal na KPP, at (4) historikal na KPP. Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang mga tipolohiyang ito at ang mga artikulong napabibilang sa bawat tipolohiya.

Sa madaling sabi, ang apat na tipolohiyang ito ay apat na paraan ng pagsasagawa ng kritikal na pamimilosopiya. Ang metapilosopikal na KPP ay sumusuri sa mismong kalagayan at direksiyon ng pilosopiyang Pilipino. Ang pampolisiyang KPP ay gumagamit ng pilosopikal na kritika upang suriin ang mga patakaran, institusyon, at pampublikong praktis. Ang ideolohikal na KPP ay tumutukoy sa pagsusuri ng mga nakatagong paniniwala, pagpapahalaga, at ugnayang-kapangyarihan sa mga tekstong kultural. Ang historikal na KPP naman ay sumusuri kung paano patuloy na hinuhubog ng kasaysayan ang kasalukuyang kaisipan, institusyon, at kulturang Pilipino.

TALAHANAYAN 1. *Mga Representanting Artikulo ng bawat Tipolohiya*

Tipolohiya	Co-Author/s	Pamagat	Taon
Metapilosopikal na KPP	Wala	Re-Reading Emerita Quito's Thoughts Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy	1998
	Wala	Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy	2003
	Wala	Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism	2005
	Wala	Some Useful Lessons from Richard Rorty's Political Philosophy for Philippine Postcolonialism	2008
	Wala	Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kriikal na Pilosopiyang Filipino sa *Ang Republika* ni Platon	2011
	Wala	Status of and Directions for Filipino Philosophy in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.	2013
	Wala	Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy	2014
	Wala	A Critical Reflection on My Reading and Re-Reading of Emerita Quito's Thoughts on the Underdevelopment and Hope for the Development of Filipino Philosophy	2020
	Leslie Anne L. Liwanag, Mary Irene Clare O. Deleña, & Rodolfo V. Bagay, Jr	Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino	2021
	Wala	Revisiting the Controversial Category of Expository Philosophical Writing in Filipino Philosophy	2023

Tipolohiya	Co-Author/s	Pamagat	Taon
Pampolisiyang KPP	Wala	Defining the Appropriate Field for Radical Intra-State Peace Studies in Filipino Philosophy	2003
	Wala	The Grammar of Class Conflicts in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy	2004
	Wala	Conflict of Aesthetic Systems: A Study on the Controversy Surrounding Carlo J. Caparas as National Artist for Visual Arts and Film	2011
	Joshua Mariz B Felicilda	Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko	2015
	Wala	A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization	2017
	Roland Theuas DS. Padua	A Humboldtian Critique of the University of the Philippines as the Flagship of Philippine Higher Education (Parts I and II)	2018-2019
	Wala	Rafael Lerma's Photojournalistic Take on the Duterte Administration's Drug War: A Counter-Barthesian Semiological Study	2020
	Beljun Enaya	Pilosopiyang Pilipino sa Panahon ng Rehimeng Duterte	2022
	Leslie Anne L. Liwanag, Deborrah S. Anastacio, Roland Theuas D. Pada, Cristie Unabia, & Jimmuel C. Naval	Establishing Targeted Human Resource Development Partnerships Between the Philippines' First-Tier Research-Intensive HEIs and Second-Tier Research-Intensive SUCs	2024

Tipolohiya	Co-Author/s	Pamagat	Taon
Ideolohikal na KPP	Wala	Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai	2010
	Wala	Antonio Gramsci and Edward Said's Image of a Modern-Day Intellectual and the Filipino Roman Catholic Priest	2012
	Wala	Ang Nobelang *Si Amapola sa 65 na Kabanata* ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino	2013
	Wala	Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9 / A Semiological Study on the Contradictions in the Social Criticism of Gloc-9	2013
	Leslie Anne L. Liwanag	Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak	2016
	Joshua Mariz B. Felicilda	Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose	2019
	Rose Pascual-Capulla	Mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining Saysay na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan	2023
Historikal na KPP	Wala	Our Premodernity and Their Tokens of Postmodernity: Reflections on the Philippine Condition	2003
	Wala	The Primitivization of the Indio Mind and the Explosion of Rationalities: The Politics of Knowledge in the Spanish Colonial Philippines	2008
	Wala	Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino	2009
	Wala	Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas	2010
	Wala	Ang Negatibong Imahen ng Maynila sa Nobelang *Inferno* ni Dan Brown	2014

Batay sa dami ng sinasaklawang artikulo, nangunguna ang aking metapilosopikal na KPP, sinundan ng pampolisiyang KPP, ideolohikal na KPP, at historikal na KPP. Wala akong co-author sa aking historikal na KPP, at doon naman nakapokus ang karamihan sa aking mga kolaborasyon sa ideolohikal at pampolisiyang KPP.

Para sa panglimang tiyak na suliranin, hinimay ko ang mga paksa, metodo, teorya, at tunguhin ng mga artikulo sa bawat tipolohiya. Sa ganitong paraan, matatalakay ko ang katangian ng bawat tipolohiya.

Ang unang tipolohiya ay metapilosopikal sapagkat ang pangunahing sinusuri rito ay hindi isang partikular na isyung panlipunan, kundi ang mismong kalagayan, direksiyon, at suliranin ng pilosopiyang Pilipino bilang larangan.

Metapilosopikal na KPP: Ipinapakita ng Talahanayan 1 na may sampu akong artikulo na napabibilang sa aking metapilosopikal na KPP.[5] Ang paksa ng aking metapilosopikal na KPP ay ang PP mismo, lalo na ang KPP bilang isa sa mga diskurso nito. Lampas na ako sa paulit-ulit na tanong na "may PP nga ba?" at pinatalas ko ang pundamental na tanong tungo sa mga sumusunod: "ano-ano ang mga humahadlang sa pag-unlad ng PP?"; "alin sa mga diskurso ng PP ang dapat pa nating paunlarin?"; "paano dapat ituro ang PP?"; at "bakit mahalaga ang KPP sa ating sariling konteksto?"

5 Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Re-reading Emerita Quito's Thoughts Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy," *Scientia: The Research Journal of the College of Arts and Sciences, San Beda College* (1999); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Thought and Socio-politics: An Account of the Late Twentieth-Century Filipino Philosophy," *Hingowa: The Holy Rosary Seminary Journal* 8, no. 2 (2003); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism," *Scientia: The Research Journal of the College of Arts and Sciences, San Beda College* (2005); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Some Useful Lessons from Richard Rorty's Political Philosophy for Philippine Postcolonialism," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 2, no. 2 (December 2008): 5–30; Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa *Ang Republika* ni Platon," *Malay* 24, no. 1 (2011): 1–28; Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Status of and Directions for Filipino Philosophy in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 14, no. 2 (2013); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy," *Philippiniana Sacra* 69, no. 147 (2014); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "A Critical Reflection on My Reading and Re-reading of Emerita Quito's Thoughts on the Underdevelopment and Hope for the Development of Filipino Philosophy," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 21, no. 2 (2020); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, Leslie Anne L. Liwanag, Mary Irene Clare O. Deleña, and Rodolfo V. Bagay Jr., "Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino," *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* 7 (May 2021): 19–57; & Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Revisiting the Controversial Category of Expository Philosophical Writing in Filipino Philosophy," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 24, no. 2 (2023): 289–305.

Ang mga metodong ginamit ko sa aking metapilosopikal na KPP ay mga kwalitatibong pagsusuring ekonomiko-institusyunal, pulitikal, sosyolohikal, historikal, metapilosopikal, kumparatibo, at tekstuwal, pati na rin ang kuwantitatibong survey at bibliometrika. Humugot ako ng lakas-loob mula sa aking interdisiplinaryong pagsasanay sa UPD, pati na rin sa aking kawalan ng takot sa matematika bilang dating mag-aaral sa kursong agrikultural na kemika sa Visayas State College of Agriculture (Visayas State University na ngayon). Itinuturing ko ang PP bilang bagay na hinuhubog ng kanyang kontekstong ekonomiko-institusyunal, pulitikal, sosyolohikal, at historikal, at maaari ding humubog sa parehong konteksto.

Ang mga teoryang ginamit ko sa aking metapilosopikal na KPP ay ang kaisipan ni Quito tungkol sa underdevelopment ng PP, ang teorya ng trauma ni Sigmund Freud, diyalohikal na hermenyutika nina Martin Heidegger at Hans-Georg Gadamer, pragmatism ni Richard Rorty, sosyolohiya ng pilosopiya ni Randall Collins, at ang debate tungkol sa halaga ng expository philosophical writing. Malaki ang utang ko kay Quito sa usapin ng teorya ng aking metapilosopikal na KPP.

Ginamit ang kombinasyon ng metodo at teorya dahil ang metapilosopikal na KPP ay sumusuri sa PP bilang larangang intelektuwal, institusyonal, historikal, at panlipunan. Ang kwalitatibong pagsusuri, survey, at bibliometrika ay tumutulong upang masukat ang mga kondisyon, hadlang, direksiyon, at potensiyal ng PP. Samantala, sina Quito, Freud, Heidegger, Gadamer, Rorty, Collins, at ang debate sa expository writing ay nagbibigay ng lente para suriin ang underdevelopment, trauma, tradisyon, gamit, institusyon, at lehitimong anyo ng pamimilosopiyang Pilipino.

Ang tunguhin ng aking metapilosopikal na KPP ay ang pagde-deconstruct at pag-update sa kaisipan ni Quito tungkol sa underdevelopment ng PP, pagmapa sa PP bilang mga diskurso upang makita kung alin sa mga diskurso nito ang dapat pang palaguin, pagsuri kung bakit humina ang KPP at kung paano ito palalakasin, pagtingin kung paano palalakasin at gagawing mas kapaki-pakinabang ang Tomismong Pilipino, pagtaya sa halaga ng expository philosophical writing, at pagmungkahi ng paraan para sa mas sistematiko at substantibong pagtuturo ng PP.

Mula sa pagsusuri sa pilosopiyang Pilipino bilang larangan, lumilipat ang ikalawang tipolohiya sa pagsusuri ng mga patakaran at institusyong humuhubog sa buhay panlipunan.

Pampolisiyang KPP: Ipinapakita ng Talahanayan 1 na may siyam akong artikulo na napabibilang sa aking pampolisiyang KPP.[6] Ang mga paksa ng aking pampolisiyang KPP ay mga pambansang patakaran at praktis, partikular na ang peace studies, halalan, criteria ng Gawad Pambansang Alagad ng Sining, drug war, at batas tungkol sa population control; o mga lokal at institusyunal na patakaran at praktis, partikular na ang internasyunalisasyon at pananaliksik sa mga pamantasan. Sa ganitong sistema, ipinapakita ko na ang KPP ay hindi lamang hiwalay na akademikong larangan kundi bahagi rin ng aktuwal na pakikipagtunggalian sa mga problematikong aspekto ng estado at mga institusyon para sa pagsusulong ng panlipunang katarungan at kaunlaran.

Ang mga metodong ginamit ko sa aking pampolisiyang KPP ay kapareho ng ilan sa aking metapilosopikal na KPP, partikular sa kwalitatibong pagsusuring institusyunal, pulitikal, sosyolohikal, historikal, metapilosopikal, kumparatibo, at tekstuwal, at sa kuwantitatibong bibliometrika. Nadagdag dito ang pagsusuring pilosopikal, estetika, at kontra-semiotika. Mahalagang banggitin dito na ang kontra-semiotika ay inobasyon ko na batay sa semiotika. Kung ang semiotika ay sumusuri sa ideolohikal na nilalaman ng mga hegemonikong icon, ang aking kontra-semiotika ay naglalahad naman ng kontra-ideolohikal na nilalaman ng mga kontra-hegemonikong icon. Itinuring ko ang mga patakaran at praktis bilang mga problematikong bagay na dapat himayin at kilatisin upang mailahad ang mga tiyak na problematikong aspekto ng mga ito.

---

6 Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Defining the Appropriate Field for Radical Intra-State Peace Studies in Filipino Philosophy," *Philippiniana Sacra* 38, no. 113 (2003): 345–360; Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "The Grammar of Class Conflicts in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy," *Philippiniana Sacra* 39, no. 115 (January–April 2004); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Conflict of Aesthetic Systems: A Study on the Controversy Surrounding Carlo J. Caparas as National Artist for Visual Arts and Film," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 40, no. 2 (2011); Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Joshua Mariz B. Felicilda, "Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko," *Malay* 28, no. 1 (2015); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 18, no. 1 (2017); Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Roland Theuas D. S. Padua, "A Humboldtian Critique of the University of the Philippines as the Flagship of Philippine Higher Education, Part I," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 2 (December 2018): 81–107; and Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Roland Theuas D. S. Padua, "A Humboldtian Critique of the University of the Philippines as the Flagship of Philippine Higher Education, Part II," *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 13, no. 1 (June 2019): 48–77; Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Rafael Lerma's Photojournalistic Take on the Duterte Administration's Drug War: A Counter-Barthesian Semiological Study," *Plaridel* 17, no. 1 (January–June 2020): 75–111; Beljun Enaya and Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Pilosopiyang Pilipino sa Panahon ng Rehimeng Duterte," *Phavisminda Journal* 21 (2022): 118–154; & Feorillo Petronilo A. Demeterio III, Leslie Anne L. Liwanag, Deborrah S. Anastacio, Roland Theuas D. S. Padua, Cristie Unabia, and Jimmuel C. Naval, "Establishing Targeted Human Resource Development Partnerships Between the Philippines' First-Tier Research-Intensive HEIs and Second-Tier Research-Intensive SUCs," in *The EDCOM II Year Two Report: Fixing the Foundations, A Matter of National Survival* (2024).

Ang mga teoryang ginamit ko sa aking pampolisiyang KPP ay mga modelo ng kapayapaan, teorya ng panlipunang uri ni Pierre Bourdieu, triad ng pre-modernismo-modernismo-postmodernismo, pilosopiya ng edukasyon ni Wilhelm von Humboldt, hermenyutika ni Michel Foucault, at semiotika ni Roland Barthes. Mga Kanluraning teorya ang mga ito na inangkop ko upang suriin ang mga problematikong patakaran at praktis sa lipunang Pilipino.

Ang tunguhin ng aking pampolisiyang KPP ay upang magkaroon tayo ng mas mabisang peace studies, makapag-ambag sa isang mas demokratikong halalan, punahin ang kabaluktutang nasa likod ng paghirang kay Carlo Caparas bilang Pambansang Alagad ng Sining, ideconstruct ang hegemonya ng pananampalataya sa ating patakaran tungkol sa birth control, punahin ang Rehimeng Duterte, ilahad ang ating kawalan ng tunay na research university, at bigyan ng nararapat na puwang ang wikang Filipino sa mga pamantasan.

Kung ang pampolisiyang KPP ay nakatuon sa mga patakaran at institusyon, ang ideolohikal na KPP naman ay nakatuon sa mga kahulugan, pagpapahalaga, at paniniwalang nakapaloob sa mga tekstong kultural at praktika ng lipunan.

Ideolohikal na KPP: Ipinapakita ng Talahanayan 1 na may pito akong artikulo na napabibilang sa aking ideolohikal na KPP.[7] Ang mga paksa ng aking ideolohikal na KPP ay ang mga larangan ng produksyon at sirkulasyon ng kahulugan sa lipunang Pilipino, mga likhang-sining tulad ng painting at nobela, mga anyo ng kulturang popular gaya ng musika at video clip, at mga praktika ng pananampalataya tulad ng Kilusang El Shaddai at ministeryo ng mga Katolikong pari. Lampas ito sa simpleng pagpapahalaga o pagbasa sa mga tekstong kultural, sapagkat tinututukan nito ang ideolohikal at kontra-ideolohikal na nilalaman ng mga tekstong ito.

7 Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai," *Malay* 22, no. 2 (2010); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Antonio Gramsci and Edward Said's Image of a Modern-Day Intellectual and the Filipino Roman Catholic Priest," *Lumina* 23, no. 2 (2012); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Ang Nobelang 'Si Amapola sa 65 na Kabanata' ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino," *Malay* 25, no. 2 (2013); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9," *Malay* 26, no. 1 (2013); Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Leslie Anne L. Liwanag, "Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak," *Plaridel* 13, no. 2 (2016): 51–76; Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Joshua Mariz B. Felicilda, "Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose," *Humanities Diliman* 16, no. 1 (January–June 2019): 110–133; & Feorillo Petronilo A. Demeterio III and Rose Pascual-Capulla, "Mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining *Saysay* na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan," *Humanities Diliman* 20, no. 2 (July–December 2023): 72–106.

Ang mga metodo na ginamit ko sa aking ideolohikal na KPP ay kapareho sa mga metodo na ginamit ko sa aking metapilosopikal at pampolisiyang KPP, partikular na sa kwalitatibong pagsusuring institusyunal, pulitikal, sosyolohikal, historikal, kumparatibo, at tekstuwal. Nadagdag dito ang semiotika. Ang mga metodong ito ay may kakayahang ilahad ang negatibong ideolohikal o positibong kontra-ideolohikal na nilalaman ng aking mga paksa.

Ang mga teoryang ginamit ko sa aking ideolohikal na KPP ay ang mga teorya ng diwa ng Protestantismo ni Max Weber, ng pag-asa at utopia ni Ernst Bloch, ng utopia ni Karl Mannheim, ng mga intelektuwal ni Antonio Gramsci, ng postmodernismo, ng metanaratibo ni Jean-François Lyotard, ng kontra-patriyarkalismo, ng semiotika ni Barthes, at ng modipikadong ideolohikal na spectrum ni Hans Slomp. Mga Kanluraning teorya ito na inangkop ko para ilahad ang mga ideolohikal at kontra-ideolohikal na nilalaman ng mga tekstong sinusuri ko. Pero mahalagang banggitin na ang modified na ideolohikal na spectrum ni Slomp na ginawa ko ay isang mas matalas na teorya na paulit-ulit ko nang ginamit, pati ng mga mag-aaral at kolaborador ko.

Ang aking ideolohikal na KPP ay may tatlong tunguhin. Una, may mga pagkakataong ang tunguhin ko ay ang negatibong paglalahad sa ideolohiyang nagkukubli sa likod ng mga teksto at praktis. Ang ideolohiya rito ay hindi nalalayo sa Marxistang pagdalumat ng ideolohiya bilang mapanlinlang na kamalayan. Pangalawa, may mga pagkakataong ang tunguhin ko ay ang pagsuri kung ano ang partikular na ideolohiyang dala ng isang teksto o praxis. Ang ideolohiya rito ay isang punto sa modipikado kong spectrum ni Slomp, na maaaring progresibo o retrogresibo, o pasista o makatao. Pangatlo, may mga pagkakataong ang tunguhin ko ay pagsukat sa potensyal na kapangyarihang dala ng isang teksto o praktis na baguhin ang lipunan. Mas kontra-ideolohiya ang pinagtutuunan ng pansin dito kaysa ideolohiya.

Ang ikaapat na tipolohiya ay historikal sapagkat binabasa nito ang kasalukuyang realidad ng Pilipinas bilang bunga ng mahahabang prosesong pangkasaysayan.

Historikal na KPP: Ipinapakita ng Talahanayan 1 na may lima akong artikulo na napabibilang sa aking historikal na KPP.[8] Ang mga paksa ng aking historikal na KPP ay ang Pilipinong kultura, rasyunalidad, at mentalidad; ang historikal na paghubog ng ating demokrasya at mga modelo ng pamumuno; at ang Maynila bilang lungsod na hinulma ng kolonyalismo, modernisasyon, simbahan, at mahinang pamamahala. Hindi lamang ito naglalarawan ng mga nagdaang yugto ng ating kasaysayan, sapagkat tinuturing nito ang kasaysayan bilang isang puwersang patuloy na humuhubog sa kasalukuyan kung hindi natin ito uunawain at sistematikong lalabanan.

Ang mga metodo na ginamit ko sa aking historikal na KPP ay kapareho sa mga metodo na ginamit ko sa aking metapilosopikal, pampolisiya, at ideolohikal na KPP, partikular na sa kuwalitatibong pagsusuring institusyunal, pulitikal, sosyolohikal, historikal, pilosopikal, kumparatibo, at tekstuwal. Ang mga metodong ito ay may kakayahang sumuri sa mga bakas ng kasaysayan sa kasalukuyang mga teksto at praktis.

Ang mga teoryang ginamit ko sa aking historikal na KPP ay ang mga teorya ng triad ng pre-modernismo, modernismo, at post-modernismo; ng modo ng kaisipan ng mga primitibong tao ni Lucien Lévy-Bruhl; ng mga dominante at dominadong kaalaman ni Foucault; ng multikulturalismo ni Will Kymlicka; ng cognitive anthropology; ng pamumuno ni Weber; at ng urban studies. Lahat ay mga Kanluraning teorya na aking inangkop para sa aking historikal na KPP.

Ginamit ang mga metodong at teoryang ito sa aking historikal na KPP dahil layunin nitong basahin ang kasalukuyang kulturang Pilipino, mentalidad, institusyon, teksto, at praktis bilang mga produktong hinubog ng mahabang kasaysayan. Ang mga teorya ng pre-modernismo, modernismo, postmodernismo, kaalaman, multikulturalismo, kognisyon, pamumuno, at urban studies ay nagsisilbing lente upang maipakita kung paano nananatili, nagbabago, o gumagalaw ang mga historikal na puwersa sa kasalukuyang lipunang Pilipino.

Ang mga tunguhin ng aking historikal na KPP ay ituro ang mga aspektong pre-moderno at di-rasyunal na nariyan sa ating kolektibong pag-iisip na humahadlang sa ating pamumuhay at patuloy na pagbuo ng modernong lipunan;

8 Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Our Premodernity and Their Tokens of Postmodernity: Reflections on the Philippine Condition," *Philosophia: International Journal of Philosophy* 33 (2004); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "The Primitivization of the Indio Mind and the Explosion of Rationalities: The Politics of Knowledge in the Spanish Colonial Philippines," online article, 2008; Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino," *Lumina* 20, no. 2 (2009); Feorillo Petronilo A. Demeterio III, "Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas," *Kritike* 4, no. 1 (2010): 28–49; & Feorillo P. III Demeterio, "Ang Negatibong Imahen ng Maynila sa Nobelang *Inferno* ni Dan Brown," *Kritike* 8, no. 1 (2014): 78–101.

ilahad ang balangkas ng multikulturalismo bilang solusyon sa ating matatag na rehiyunalismo at proteksiyon na rin para sa ating kultural na diversidad; ilantad ang hindi pagtutugma ng demokrasya sa ating mentalidad na naghahanap pa rin ng datu; at punahin ang mga historikal at kultural na salik kung bakit may bakas ng katotohanan ang pagturing ni Dan Brown sa Maynila bilang "gates of hell."

Pagbubuod: Sa apat na aspektong hinimay sa bawat tipolohiya, lumalabas na ang paksa ang pinakamatingkad na batayan ng tipolohikal na pagkakaiba-iba ng aking KPP. Sa metapilosopikal na KPP, PP mismo ang paksa ng KPP; sa pampolisiyang KPP, pambansa, lokal, at institusyunal na mga patakaran at praktis; sa ideolohikal na KPP, sining at kulturang popular; habang sa historikal na KPP, kultura, mentalidad, at mga matagal nang institusyon. Sinusundan ang paksa ng tunguhin bilang matingkad na batayan ng tipolohikal na pagkakaiba-iba. Sa metapilosopikal na KPP, pagpapaunlad at pagpapalakas ng PP; sa pampolisiyang KPP, pagkilatis sa mga pambansa, lokal, at institusyunal na mga patakaran para sa pagsulong ng panlipunang katarungan at kaunlaran; sa ideolohikal na KPP, paglalantad sa mga negatibo at positibong ideolohiya; at sa historikal na KPP, paglalahad sa mga historikal na puwersang patuloy na humuhubog sa ating kultura, mentalidad, at mga matagal nang institusyon.

Sa aspekto ng metodo, malawak ang overlap ng apat na tipolohiya, kaya hindi ito maituturing na magandang batayan ng tipolohikal na pagkakaiba-iba sa aking KPP. Kahalintulad ito sa aspekto ng teorya, na malawak din ang overlap ng apat na tipolohiya. Ang ibig sabihin nito ay may arsenal ako ng mga metodo at teorya na pinagkukunan ko ng mga tiyak na metodo at teorya batay sa aking paksa at tunguhin.

Sa kabuuan, ang paksa ng aking KPP ay ang mga problematikong aspekto at nagtatagong potensiyal sa Pilipinong realidad; ang metodo, kritikal na interpretasyon; ang teorya, kadalasan, mga hiniram at inangkop na Kanluraning teorya; at ang tunguhin, ilantad ang mga problematikong aspekto para buksan ang posibilidad ng pagbabago, o di kaya ay ituro ang mga potensiyal para maging pagmumulan ng pagbabago. Hindi matingkad ang pagiging Marxista o Neo-Marxista ng aking KPP. Pareho itong nakatuon sa mga negatibo at positibong aspekto ng Pilipinong realidad. Isa itong kritika ng Pilipinong realidad ng isang Pilipinong interdisiplinaryong mananaliksik na gumagamit ng mga metodo at teoryang nariyan sa kanyang arsenal. May metodolohikal na inobasyon na akong nagawa: ang aking pagbaliktad sa semiotika bilang kontra-semiotika; at teoretikal na inobasyon: ang aking pagmodipika sa ideolohikal na spectrum ni Slomp. Ngunit nalulunod ang mga ito sa lawak ng aking metodolohikal at teoretikal na arsenal.

Mula sa paglalarawan ng apat na tipolohiya, lilipat ngayon ang talakayan sa mas normatibong tanong: kung ito ang kasalukuyang anyo ng aking KPP, paano ko ito higit pang mapapatalas, mapapalalim, at maiuugnay sa mas malawak na layunin ng pagpapamainstream ng KPP?

Pagpapaigting at Pagpapahusay tungo sa Pagiging Mainstream ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino

Upang higit na mapaigting at mapahusay ang aking KPP, kinakailangan kong bigyang-priyoridad ang aking metapilosopikal at historikal na KPP. Nararapat kong tutukan ang metapilosopikal na KPP sapagkat sa tipolohiyang ito matatagpuan ang konsentrasyon ng aking KPP, at dito rin ako higit na nakikilala sa larangan ng PP. Kasabay nito, mahalaga ring bigyang-diin ang historikal na KPP dahil mas malalawak at mas pundamental na mga usapin ang tinatalakay nito kung ihahambing sa pampolisiya at ideolohikal na KPP. Sa halip na magpalalim ng aking teoretikal na ambag, may panganib na lalo lamang palawakin at ikalat ng pampolisiya at ideolohikal na KPP ang aking intelektuwal na pokus.

Dahil limitado na ang aking panahon bilang guro at mananaliksik, lalo na sa papalapit kong pagreretiro sa Enero 2034, kinakailangan ang mas mahigpit na disiplina sa saklaw ng aking mga paksa. Sa aking pagtataya, mas malalim at mas pangmatagalan ang impak ng historikal na KPP kumpara sa pampolisiya at ideolohikal na KPP, lalo na sa pagbubuo ng kolektibong kamalayan at diskurso ng KPP.

Sa usapin ng metodo, wala akong agarang pangangailangang radikal na palawakin pa ang aking arsenal. Gayunman, mula sa aking mga heritage project bilang fellow ng Center for the Conservation of Cultural Properties and Environment in the Tropics ng UST, higit kong naintindihan ang kahalagahan, at ang kinakailangang tiyaga, ng archival research, hindi lamang sa mga elektronikong sinupan kundi lalo na sa mga pisikal at aktuwal na arkibo. Sa kasalukuyan, pinabilis ng kapangyarihan ng artificial intelligence ang pagsasalin ng mga dokumentong pang-arkibo.

Pero kinakailangan kong magsagawa ng mga metodolohikal na inobasyon. Ang mahalaga ay ang masinop at kritikal na pagsisynthesize ng mga metodong nasa aking arsenal upang makabuo ng mga espesipikong metodolohiyang idinisenyo para sa aking metapilosopikal at historikal na KPP. Mahalaga ring pangalanan ang mga na-synthesize kong metodolohiya upang maging mas malinaw ang kanilang identidad at mas madali ang kanilang pagpapalaganap at paggamit sa loob ng KPP.

Sa usapin ng teorya, wala rin akong agarang pangangailangang radikal na palawakin pa ang aking arsenal. Mayroon akong serye noon ng mga artikulong nakatuon sa pagpapaliwanag ng mga Kanluraning pilosopikal na teorya upang maging mas madaling gamitin ang mga ito bilang teoretikal na batayan ng mga nakababatang mananaliksik sa larangan ng PP at AP. Mainam na buhayin at ipagpatuloy ang proyektong ito, ngunit nakatuon na sa mga Pilipinong teorista, sapagkat mas tuwirang nakaugat at mas lapat ang kanilang mga teorya sa kongkretong karanasang Pilipino.

Kasabay nito, kinakailangan ko ring magsagawa ng mga karagdagang inobasyong teoretikal, lalo na yaong mas substantibo at mas malalim kaysa sa aking ginawang modipikasyon sa ideolohikal na spectrum ni Slomp. Ang ganitong mga inobasyon ay hindi lamang magpapayaman sa teoretikal na balangkas ng KPP, kundi mag-aambag din sa mas sistematikong paghubog ng sarili nitong tradisyon ng pagte-teorya.

Upang higit pang umigting at humusay ang aking KPP, kinakailangan kong ilugar ang aking proyekto sa kabuuang intelektuwal na landscape ng KPP. Nangangahulugan ito ng masusing pagtingin sa mga katangian—paksa, metodo, teorya, at tunguhin—ng KPP ng iba pang nangungunang tagapagtaguyod nito, upang malinaw kong matukoy ang aking sariling niche sa loob ng mas malawak na tradisyon. Halimbawa, maaaring ihahambing ko ang aking KPP sa KPP nina Romualdo Abulad (1947-2019), na isang tagapagbukas ng KPP sa Kantian, Heideggerian, at postmodernong kritika; Napoleon Mabaquiao, Jr., na isang tagapaglinaw ng analitiko at metapilosopikal na katayuan ng PP; at Agustin Martin Rodriguez, na isang tagapagpalalim ng etikal, diskursibo, at pampamayanang KPP. Sa ganitong paraan, mas titingkad hindi lamang ang aking natatanging ambag kundi pati ang ugnayan nito sa iba't ibang anyo at direksiyon ng KPP.

Sa usapin ng publikasyon, nararapat na makapagluwal ako ng dalawa hanggang apat na papel bawat taon sa larangan ng metapilosopikal at historikal na KPP. Mula 2003 hanggang 2024, ang average publication rate ko sa dalawang tipolohiyang ito ay 0.64 na artikulo lamang bawat taon. Mahalagang isulat ang mga papel na ito sa wikang Filipino upang mas maging lapat sa Pilipinong realidad, at mas maging bukás at mababasa ng kapwa Pilipinong mananaliksik at mag-aaral. Sa puntong ito ng aking karera, bilang nasa rurok na ng faculty ranking system ng De La Salle University at napatunayan na ang kakayahang makapaglimbag sa mga Q1 at Q2 na Scopus-indexed journal, may kalayaan na akong isantabi ang Scopus-sentrismo at ituon ang aking pagsusulat sa pagpapalakas ng KPP, PP, at AP.

Sa kabuuan, ang pagpino ng aking mga paksa sa metapilosopikal at historikal na KPP, ang masinop na pagsisynthesize at pagpapangalan ng aking mga metodolohikal na inobasyon, ang paglilipat ng bigat ng teoretikal na sanggunian tungo sa mga Pilipinong teorista, at ang sistematikong pagluluwal ng mga akdang nakasulat sa wikang Filipino ay bumubuo ng isang magkakaugnay na estratehiya tungo sa pagiging mainstream ng KPP. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, hindi lamang mapapalalim ang indibidwal na ambag, kundi maitatatag din ang mga kondisyong kinakailangan para sa kanonisasyon, transmisyong pedagogikal, at institusyonalisasyon ng KPP bilang lehitimo, reproducible, at napapamanang larangan ng pamimilosopiya sa loob ng akademya at sa mas malawak na intelektuwal na landscape.

Matapos tukuyin ang mga estratehiya para sa pagpapaigting ng aking KPP, kailangang linawin kung paano maisasalin ang mga estratehiyang ito sa kongkretong gawain sa pananaliksik, pagtuturo, pagmementor, at research administration.

Pag-aangkop ng aking Pananaliksik at Pagmementor sa Araling Pilipino, at ng aking Pagiging Research Administrator sa Mas Pinaigting na Kritikal na Pamimilosopiya

Nabanggit ko na ang aking pagbibigay-priyoridad sa metapilosopikal at historikal na KPP, na may layuning makapagpalathala ng dalawa hanggang apat na publikasyon bawat taon. Sa lohikal na antas, ang estratehiyang ito ay iisa sa aking estratehiya sa AP, dahil ang KPP ay nakapaloob naman sa AP. Subalit, sa aktuwal na buhay, tanggap ng AP ang historikal na KPP, ngunit hindi komportable ang AP sa metapilosopikal na KPP dahil sobrang specialized ang tipolohiyang ito.

Dahil dito, upang higit na maiangkop ang aking pananaliksik sa AP sa pinaigting at pinahusay kong balangkas ng KPP, kinakailangan kong lalong tutukan ang historikal na KPP. Kaya lalabas na hindi sapat ang isa o dalawang taunang publikasyon na aking binabalak para sa historikal na KPP. Kinakailangan ko ang dalawa hanggang apat na publikasyon kada taon sa tipolohiyang ito. Sa ganitong mas pinakitid at mas estratehikong pokus ng aking pananaliksik, kinakailangan ko ring bumuo muli ng isang malinaw na talaan ng mga proyektong bibigyan ng priyoridad. Mayroon na akong ganitong talaan noon, subalit ito ay naisantabi dahil sa aking pakikibagay sa mga proyekto ng aking mga gradwadong mag-aaral.

Sa usapin naman ng aking pagmementor, lilinawin ko sa mga gradwadong mag-aaral na gustong manaliksik sa ilalim ng aking superbisyon na dapat silang umangkop sa aking pag-uugnay ng KPP at AP. Iiwasan ko nang

maulit ang karanasan ko noon na kung basta saang direksiyon na lamang napupunta ang aking mga kolaboratibong pananaliksik, depende sa interes ng aking mga gradwadong mentee. Gayunman, nananatili akong bukas sa isang kompromiso: papayagan ko ang aking mga susunod na gradwadong mentee na manaliksik sa pampolisiya at ideolohikal na KPP kung hindi man nila nanaisin ang historikal na KPP. May ilan naman akong gradwadong mentee sa AP na kinaya ang metapilosopikal na KPP. Patuloy ko pa rin silang susuportahan, hindi lamang sa pagtatapos ng kanilang tesis masterado o disertasyon, kundi lalo na sa usapin ng publikasyon at pagpaplano ng kanilang akademikong karera.

Sa ganitong proseso ng pagmementor, kung saan nahuhubog ang mga mag-aaral sa tatlong pangunahing tipolohiya ng KPP, may posibilidad silang maging mga susunod na tagapagtaguyod ng KPP. Sa huli, ang ganitong estratehiya ay hindi lamang indibidwal na pag-unlad, kundi isang kongkretong ambag sa pagpapalakas at pagpapalawak ng ekosistema ng KPP.

Ang mga aral at kabatiran mula sa aking pagiging research administrator ay ginamit ko na sa pagpaplano sa aking sariling pananaliksik, publikasyon, at pagmementor. Mahirap mang suwayin ang Scopus-sentrismo ng mga pangunahing pamantasan sa bansa, hindi ito nangangahulugang bilang mga indibidwal na guro ay wala na tayong kapangyarihang tumulong sa pagsusulong ng ating mga lokal na journal at ng wikang Filipino. Naalala ko, noong ilang taon lang ang nakalipas, kung paano ko iminungkahi na buksan para sa mga artikulong nakasulat sa wikang Filipino ang journal ng National Research Council of the Philippines, kung saan ako isa sa mga associate editor. Habang isinusulong natin ang ating mga lokal na journal, mas tataas ang kanilang tsansang mailista sa Scopus.

Sa kabuuan, ang ganitong sinadyang pag-aangkop ng pananaliksik at pagmementor sa loob ng AP ay nagsisilbing kongkretong mekanismo sa integrasyon ng aking pagtuturo at pananaliksik sa KPP at AP.

KONGKLUSYON

Sa kabuuan, ipinakita ng papel na ang balik-kilatis ay maaaring maging tulay sa pagitan ng personal na intelektuwal na karanasan at kolektibong pag-unlad ng isang disiplina.

Ang balik-kilatis na isinagawa sa papel na ito ay naglatag ng sistematikong pagbasa sa aking intelektuwal na pagsusumikap bilang kongkretong kaso ng aktuwal na pagsasagawa ng KPP. Sa pamamagitan ng self-reflexive ngunit mahigpit na analitikal na lapit, ipinakita ng pag-aaral na ang KPP ay hindi hiwalay o episodikong interes, kundi isang tuluy-tuloy na

proyektong intelektuwal na hinubog ng pagsasanay, institusyonal na lokasyon, interdisiplinaryong pananaliksik, pagmementor, at research governance.

Iginiit din ng pag-aaral na ang pag-unlad at pagpapamainstream ng KPP ay hindi kusang nagaganap. Nangangailangan ito ng sinadyang estratehiya sa pagpili ng paksa, pagpino ng metodo, inobasyong teoretikal, at integrasyon ng pananaliksik, pagtuturo, pagmementor, at institusyonal na gampanin. Sa ganitong diwa, ang balik-kilatis ay nagsisilbing paanyaya sa mas marami pang Pilipinong pilosopo at iskolar na magsagawa ng katulad na self-reflexive at sistematikong pagsusuri bilang ambag sa kolektibong pagpapatatag ng KPP.

Higit pa sa personal na antas, ipinapakita ng pag-aaral na may mahalagang implikasyon ang KPP para sa Philippine higher education. Maaari itong magsilbing modelo ng pananaliksik na hindi lamang nakatuon sa dami ng publikasyon o pagsunod sa panlabas na pamantayan ng akademikong produksiyon, kundi sa paglikha ng kaalamang nakaugat sa sariling wika, kasaysayan, institusyon, at panlipunang suliranin. Sa ganitong pananaw, ang KPP ay maaaring makatulong sa paghubog ng mga pamantasang hindi lamang research-productive, kundi research-responsive: mga institusyong nakikilahok sa pag-unawa at pagbabago ng lipunang Pilipino.

May implikasyon din ang KPP sa paglinang ng mas makabuluhang kultura ng pananaliksik sa bansa. Sa halip na manatili sa compliance-oriented, ranking-driven, o Scopus-sentrikong modelo ng pananaliksik, itinutulak ng KPP ang mas malalim na tanong tungkol sa para kanino, para saan, at mula sa anong pananaw ginagawa ang akademikong kaalaman. Sa ganitong diwa, ang KPP ay hindi lamang larangang pilosopikal, kundi isang kritika sa mismong kondisyon ng produksiyon ng kaalaman sa Pilipinas. Itinuturo nito na ang tunay na pagpapalakas ng pananaliksik ay nangangailangan ng mga ekosistemang binubuo ng masiglang lokal na journal, paggamit ng wikang Filipino, aktibong mentoring, interdisiplinaryong kolaborasyon, at paninindigang panlipunan.

Sa mas malawak na antas, maaaring ilugar ang KPP bilang ambag sa intelektuwal na dekolonisasyon sa Timog-Silangang Asya at sa Global South. Hindi sapat na tanggapin lamang ang mga dominanteng teorya mula sa Kanluran; kailangang gamitin, baguhin, salungatin, o muling buuin ang mga ito batay sa kongkretong karanasan ng mga lipunang dating sinakop, patuloy na minamarginalisa, at nakikipagbuno sa mga bagong anyo ng epistemikong dominasyon. Sa ganitong konteksto, ang KPP ay maaaring maging bahagi ng mas malawak na rehiyonal na proyekto ng paglikha ng mga teoryang nagmumula sa lokal na wika, kasaysayan, karanasan, at pakikibaka.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, may ilang direksiyong maaaring tahakin ng mga susunod na pananaliksik. Una, mainam na isagawa ang katulad

na self-reflexive at tipolohikal na pagsusuri sa intelektuwal na proyekto ng iba pang tagapagtaguyod ng KPP. Ikalawa, kinakailangan ang mas sistematikong pag-aaral sa institusyonal at ekolohikal na kondisyon ng produksiyon ng KPP, kabilang ang papel ng mga pamantasan, journal, wika, at research governance. Ikatlo, maaaring ihambing ang KPP sa mga umuusbong na anyo ng kritikal na pamimilosopiya sa iba pang bansa sa ASEAN at Global South upang mapalawak ang rehiyonal at dekolonyal na perspektiba nito. Sa ganitong mga direksiyon, higit na mapagtitibay ang KPP bilang isang buhay, sistematiko, at napapamanang tradisyon ng pamimilosopiya.

Sa kabuuan, higit na mapagtitibay ang KPP kung ito ay kikilalanin hindi lamang bilang personal na proyekto o subfield ng pilosopiyang Pilipino, kundi bilang isang buhay, sistematiko, at napapamanang tradisyon ng pamimilosopiya na may kakayahang mag-ambag sa reporma ng higher education, pagpapalakas ng research culture, at pag-unlad ng dekolonyal na pag-iisip sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya.

BIBLIOGRAPIYA

Abellanosa, Rhoderick John. "Local Discourse, Identity, and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Ileto." *Asian Perspectives in the Arts and Humanities* 3, no. 1 (2013).

Abenes, Rodrigo D., and Jerwin M. Mahaguay. "F. P. A. Demeterio III: Simula sa Pagbubuo Hanggang sa Pakikibahagi." *Lukad: An Online Journal of Pedagogy* 1, no. 1 (June 2021): 85–114.

Atim, Ben Carlo N. "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Pilipino: Isang Pagsusuri." *Kritike* 11, no. 2 (December 2017): 28–53.

Batoon, Emmanuel. "Tracing Mercado's Anthropological Perspective (Second of Two Parts)." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 8, no. 2 (2014).

Cortez, Franz. "The Philippine Engagement with Paulo Freire." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 7, no. 2 (2013).

De Joya, Preciosa Regina. *In Search of Filipino Philosophy*. PhD diss., National University of Singapore, 2013.

Deleña, Mary Irene Clare O., and Raymond John D. Vergara. "Postmodernism from the Perspectives of Filipino Philosophers: Abulad, Co, Demeterio, and Pavo." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 1 (June 2018): 140–161.

Deleña, Mary Irene Clare O., Joshua Mariz B. Felicilda, and Leslie Anne L. Liwanag. "Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 1 (June 2018): 98–139.

Demeterio, Feorillo III A. "A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 18, no. 1 (2017).

Demeterio, Feorillo III A. "Conflict of Aesthetic Systems: A Study on the Controversy Surrounding Carlo J. Caparas as National Artist for Visual Arts and Film." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 40, no. 2 (2011).

Demeterio, Feorillo III A. "Defining the Appropriate Field for Radical Intra-State Peace Studies in Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* 38, no. 113 (2003): 345–360.

Demeterio, Feorillo III A. "Rafael Lerma's Photojournalistic Take on the Duterte Administration's Drug War: A Counter-Barthesian Semiological Study." *Plaridel* 17, no. 1 (January–June 2020): 75–111.

Demeterio, Feorillo III A. "Revisiting the Controversial Category of Expository Philosophical Writing in Filipino Philosophy." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 24, no. 2 (2023): 289–305.

Demeterio, Feorillo III A. "The Grammar of Class Conflicts in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* 39, no. 115 (January–April 2004).

Demeterio, Feorillo III A., and Joshua Mariz B. Felicilda. "Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko / The Interrelationship of Language, Research, and Academic Internationalization." *Malay* 28, no. 1 (2015).

Demeterio, Feorillo III A., and Roland Theuas D. S. Padua. "A Humboldtian Critique of the University of the Philippines as the Flagship of Philippine Higher Education, Part I." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 12, no. 2 (December 2018): 81–107.

Demeterio, Feorillo III A., and Roland Theuas D. S. Padua. "A Humboldtian Critique of the University of the Philippines as the Flagship of Philippine Higher Education, Part II." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 13, no. 1 (June 2019): 48–77.

Demeterio, Feorillo III A., Leslie Anne L. Liwanag, Deborrah S. Anastacio, Roland Theuas D. Padua, Cristie Unabia, and Jimmuel C. Naval. "Establishing Targeted Human Resource Development Partnerships Between the Philippines' First-Tier Research-Intensive HEIs and Second-Tier Research-Intensive SUCs." In *The EDCOM II Year Two Report: Fixing the Foundations, A Matter of National Survival*, 2024.

Demeterio, Feorillo P. III, and Joshua Mariz B. Felicilda. "Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose." *Humanities Diliman* 16, no. 1 (January–June 2019): 110–133.

Demeterio, Feorillo P. III, and Leslie Anne L. Liwanag. "Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak." *Plaridel* 13, no. 2 (2016): 51–76.

Demeterio, Feorillo P. III, and Rose Pascual-Capulla. "Mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining Saysay na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan." *Humanities Diliman* 20, no. 2 (July–December 2023): 72–106.

Demeterio, Feorillo P. III. "Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino." *Lumina* 20, no. 2 (2009).

Demeterio, Feorillo P. III. "Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas." *Kritike* 4, no. 1 (2010): 28–49.

Demeterio, Feorillo P. III. "Ang Negatibong Imahen ng Maynila sa Nobelang *Inferno* ni Dan Brown." *Kritike* 8, no. 1 (2014): 78–101.

Demeterio, Feorillo P. III. "Ang Nobelang 'Si Amapola sa 65 na Kabanata' ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino." *Malay* 25, no. 2 (2013).

Demeterio, Feorillo P. III. "Antonio Gramsci and Edward Said's Image of a Modern-Day Intellectual and the Filipino Roman Catholic Priest." *Lumina* 23, no. 2 (2012).

Demeterio, Feorillo P. III. "Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9." *Malay* 26, no. 1 (2013).

Demeterio, Feorillo P. III. "Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai." *Malay* 22, no. 2 (2010).

Demeterio, Feorillo P. III. "Our Premodernity and Their Tokens of Postmodernity: Reflections on the Philippine Condition." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 33 (2004).

Demeterio, Feorillo P. III. "The Primitivization of the Indio Mind and the Explosion of Rationalities: The Politics of Knowledge in the Spanish Colonial Philippines." Online article, 2008.

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "A Critical Reflection on My Reading and Re-reading of Emerita Quito's Thoughts on the Underdevelopment and Hope for the Development of Filipino Philosophy." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 21, no. 2 (2020).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Ang *Kallipolis* at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa *Ang Republika* ni Platon." *Malay* 24, no. 1 (2011): 1–28.

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* 69, no. 147 (2014).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Re-reading Emerita Quito's Thoughts Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy." *Scientia: The Research Journal of the College of Arts and Sciences, San Beda College* (1999).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Some Useful Lessons from Richard Rorty's Political Philosophy for Philippine Postcolonialism." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 2, no. 2 (December 2008): 5–30.

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Status of and Directions for Filipino Philosophy in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co." *Philosophia: International Journal of Philosophy* 14, no. 2 (2013).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism." *Scientia: The Research Journal of the College of Arts and Sciences, San Beda College* (2005).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III. "Thought and Socio-politics: An Account of the Late Twentieth-Century Filipino Philosophy." *Hingowa: The Holy Rosary Seminary Journal* 8, no. 2 (2003).

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III., Leslie Anne L. Liwanag, Mary Irene Clare O. Deleña, and Rodolfo V. Bagay Jr. "Pagtatala ng Sampung Pinakamahalagang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino." *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* 7 (May 2021): 19–57.

Enaya, Beljun, and Feorillo III A. Demeterio. "Pilosopiyang Pilipino sa Panahon ng Rehimeng Duterte." *Phavisminda Journal* 21 (2022): 118–154.

Geronimo, Jonathan. "Ang Karaniwang Filipino bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal: Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III." *Hasaan* 3, no. 1 (2016).

Nakpil-Zialcita, Fernando. "Mga Anyo ng Pilosopiyang Pilipino." Translated by Nicanor Tiongson. Edited by Virgilio Enriquez. In *Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika at Pilosopiyang Pilipino*. Manila: Philippine Psychology Research and Training House, 1983.

Pada, Roland Theuas. "The Methodological Problems of Filipino Philosophy." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 8, no. 1 (2014).

Quito, Emerita. *The State of Philosophy in the Philippines*. Manila: De La Salle University Press, 1983.

San Juan, David Michael. "Bakit Dapat Manaliksik sa Filipino ang mga Pilipino?: Kritik sa Scopus-sentrismo ng mga Unibersidad at Ahensiyang Pang-edukasyon at/o Pampananaliksik sa Pilipinas." *Malay* 34, no. 1 (December 2021): 47–64.

BIONOTE

Si Dr. Feorillo A. Demeterio III ay isang distinguished full professor sa larangan ng wikang Filipino at araling Pilipino sa De La Salle University. Kasalukuyan siyang nanungkulan sa nasabing pamantasan bilang executive director ng Research and Grants Management Office. May mahigit kumulang 140 na siyang nailathalang mga artikulo sa pilosopiyang Pilipino at araling Pilipino.